



NANGUNGUNANG LINGGÜHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

IWAUWAY

Disyembre 31, 2018

TULA
MULING SIMULA

NI ARIEL SOTELO TABAG

BAGONG MANUNULAT
WALANG ILAW ANG MGA
PAROL SA SAN ISIDRO

NI JEMAR BENZO P. PONCE

KUWENTO NG LINGGO
DUMARATING MULI
ANG BAGONG TAON...

NI ESTER ARAGON

MANILA
BULLETIN



P25

Kim Chiu



Larawang mula sa Google

Paano ba natin dapat ipagdiwang ang Pasko?

NI LILIA BORLONGAN-ALVAREZ

ANG tema ng Pasko taun-taon ay pananabik (*longing*) sa kapanganakan ng Marumubos na si Jesus. Hindi pananabik sa pamimili, pamamasyal at mga bandaan.

Hindi naman masamang manabik sa *reunion* ng mga kaibigan o kamag-anak. Sa katunayan, ang temang kalakip ng pananabik ay *goodwill* o paggawa at paghahanda na magbigay o gumawa nang maubos sa kapwa.

Hindi rin masama ang manabik na makasama ang matagal nang hindi nakasamang asawang OFW. Sa katunayan, hinibing ng okasyon na dapat magkapiling ang mga mag-asawa at lahat ng miyembro ng pamilya sa araw man lang ng Pasko o bisperas nito.

Ngunit kailangang batid natin kung bakit tayo nananabik sa Pasko. May kawerto ang isa kong puring kaibigan. Inanyayahang siya at isa pang nakatatandang pari sa isang kainan. Habang kinakain nila ang nag-uumpapaw nilang pinggan, humilig ang batang pari sa kanyang kasamang pari at tinanong: "Father, ano bang okasyon ito?" Sinagay ng puring matanda ang kanyang posta at ibinalang: "Huwag kang mairagay. Hindi ko rin alam. Basta't kumain ka na lang nang kumain."

Namoyapa na aniya ang puring matandang iyon. Pero wika ng kaibigan kong pari, sinasabi ng karanasan niyang iyon kung paano natin ipinagdiwang ang Pasko taun-taon.

Ayon sa libro niyang *Sulilang Bulay*, sinasabi ni Fr. Bel San Luis, SVD, na naging ugali na nating "kumain, uminom at magsaya", at kalimitan kung bakit natin ginagawa ang lahat ng pagsasaya natin.

"Lubha nang naging komersyalisado ang Pasko. Ang totoong niyan ay: ang Pasko ay isang *religious event*. Ipinagdiwang natin ang paglalang ng Tagapagligtas na dumating sa mundo maraming dantaon na ang nakahilip. Laging naroon ang panganib na mawalan tayo ng tamang perspektibo - maaaring ituon lamang natin ang pansin sa mga panlabas na

pagdiwang," wika ni Fr. Bel.

Narito ang ilang *tips* ni Fr. Bel hinggil sa tamang paghahanda at pagdiwang ng Pasko:

Dumalo sa simbang gabi o misa de gallo (o misa de Aguinaldo). Hindi madaling pangkabataan na magtatagpuan araw (jyo'y kasarapan ng tulog). Ngunit, ito ang "sustansiya" ng simbang gabi.

Magbahagi ng munting mga biyaya sa mga kapus-palad. Ang hirap sa marami sa atin ay mukha ng mga basahan ang ipinamimigay nating damit. Ang intensiyon natin ay para magkaroon ng espasyo sa ating tukador ang mga bago at mamahalin nating damit.

May mga iba namang nagbibigay ng donasyon sa mahihirap tuwing Pasko dahil ibig nilang mabasa ang kanilang pangalan sa diyaryo. "Ang ating pagkakawanggawa, samakatwid, ay may masamang layunin," wika ni Fr. Bel. "May nakapagsabi ngang tanggalin na lamang ang Pasko dahil lalong nagpapahirap lamang ito sa mahihirap. Ngunit hindi posibleng iwaksi ang isang nakagising tradisyon. At kung makapagbabahagi naman ang mga maykaya, nakapagpapagaan ng hirap ng buhay ang anumang biyayang ibabahagi nila."

Makipagkasundo sa Diyos at sa kapwa. "Dahil ipinagdiwang natin ang dakilang pakikipagkasundo ng Diyos sa tao sa pagdating ni Kristo, marapat na magkasundo rin ang mga hindi nag-utusap sa loob ng mahahang panahon. Ang Pasko'y akmang panahon para magpatawaran at iwaksi ang masasamang gawi," ani Fr. Bel.

Mangumpisal. Magandang preparasyon para sa Pasko ang mangumpisal. Inihahanda natin ang ating puso at kaluluwa sa pagpasok sa ating buhay ni Jesus sa pamamagitan ng pagsurat sa ating konsiyensiya at pag-usisa sa mga magawa nating pagkakamali at mga bagay na hindi natin ginawa (*sins of commission and omission*). [E]



BAGONG BAGTING: IKA-33 ANIBERSARYO NG LIRA

MALUWALHATING idinaos noong 8 Disyembre 2018 sa Bulwagang Silangan ng Cultural Center of the Philippines (CCP) ang ika-33 anibersaryo ng Linang sa Imahers. Retorika at Arvo (LIRA), ang pinakamalaki at pinakamatagal na ngayong samahan ng mga kabataang makata sa wikang Filipino. Iinatag noong 15 Disyembre 1985, ang mga pinapanumpang kasaping-tagapagtagat nito ay sina Romeo P. Baquiran Jr., Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr., Ariel Dim. Borlongan, Rowena Cidal, Ronaldo Carcamo, Dennis Sto. Domingo, Danilo Gorzales, at Gerardo L. Banzon. Abril nang taong iyon nagsimulang dumalo ang nasabing mga kabataang makata sa Rio Alma Poetry Clinic, isang pulitika sa paglalarang pang-Sabado ng bispog na pinangasiwaan mismo ni Rio Alma o Virgilio S. Almarin, Paribansang Alagad ng Sining para sa Panitikan. Binuksan ang pulitika ito upang mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataang nagsisimula o may interes sa pagtala na matutuhan ang tradisyon ng Panulaang Filipino. Tumagal nang magyasaing bayan ang usang klinikang pampantulan, at nang magdi-Disyembre, pinagpasyahan ng mga kalahok na magtatag ng isang bagong samahang pangkabataan na magtatagpuod ng wika at kulturang pambansa sa pangkalahatan, at ng tula sa wikang Filipino sa tiyak na paraan lakip-lalo na para sa kontemporaryong humerasyon.

Patakarang sinamod sa Rio Alma Poetry Clinic ang historiko at poermal na pag-aaral sa tradisyong pampantulan ng Filipinas. Ibig sabihin, bagaman bukas sa marami at kapana-panabik na posibilidad ng implewensiyang kanluranin at silanganin sa pagtala, hindinaghihi pwersedeng masasanta ang mga sampag ng katabuhang paglalang Filipino. Katagay nito, nagdi-ila Bibula ng palihang ang librong *Talubud at Talubugay: Mga Singsap sa Katabuhang Pagtala* ni Virgilio S. Almarin, na kalaralang noon at katatagpuan pa lamang ng gawad mula sa CCP sa larang ng panunuring pampantulan.

Nang maitatag ang mga LIRA at nang magstimula nang ito ang humawak at magpatakbo ng palihang pampantulan, ang nasabing patakarang ang sinunod at patuloy na sinusunod. Nagsisimula ang mga kalahok sa mga panayam at ebersisyo tungkol sa sining ng tugma at sukot alitunod sa natsakodigong panunutan ni Jose Rizal noong 1887 sa Berlin, *Tagalogse Verskunst*, na isinalin sa Espanol bilang *Arte metrica del tagalog* at sa Tagalog bilang *Ang Sining ng Tugma at Sukat*. Ibang-iba ang itinuturo sa mga akdang ito kayo sa nakumihinang leksiyon sa tugmang ganap at di-ganap na naging bahagi ng maraming tekobok sa Panitikan Filipino nitong mahigit sa tatlong dekada. Ang totoo, sa pagbasa ng mga nasabing akda, mapatunayan at magbigit na walang tugmang ganap at di-ganap sa tradisyon ng panulaang Filipino. Isang resulta ang pagtanggap ng "ganap at di-ganap" sa pormalidad na Filipino dahil, kung tutuusin, salin lamang ang mga ito ng tugmang "perfect" at "imperfect" na tradisyon sa wikang Ingles.

Marami sa mga kinikilalang kontemporaryong makata sa kasulukuyan ang kasapi ng LIRA. Sa bayan ng mga nagwagi sa Talaang Gimbo sa Tula ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at sa Dibisyon ng Tula ng Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, lagay may kasapi ng LIRA na kung hindi man nanguna ay nakasungod ng (ikalawa o ikatlong gantimpala). Kasapi ng LIRA si Roberto T. Anonuevo, ang pinakabatang kinikilalang *Hall of Fame* sa Palanca. LIRA rin si Vim Nadera, ang kinikilalang "Ama ng Performance Poetry" sa Filipinas. Ang pangunahing makatang feminista na si Rebecca T. Anonuevo ay LIRA rin. Kasapi rin ng pangkat ang mga makata at mangangatha rin na sina Luna Sicut Cleo, Edgar Calabisa Samar, at Josefito Delos Reyes.

Ang ang mga manunulat pangpekulika-pantelebisyon at/o direktor ng pelikula na sina Jerry Gracio, Jim Libiran, En Villess, at Giancarlo Lauro C. Abraham V ay miyembro rin ng LIRA. Ang isa sa pinakamatagal na *votroligist* sa Filipinas na si Ronaldo (Ona) Carcamo



Mga kasapi ng LIRA na nakatulo sa ika-33 anibersaryo ng arawin.

ay LIRA rin gayundin ang kasulukuyang C&C ng Intertextual Division ng CCP at progresibong maranaysay pangkababaihan na si Beverly (Bebeng) Siy. Maging si Phillip Kampo Jr., isa sa mga nangungunang koresista ng Aklat, na nagsunod ng mga programang may kinalaman sa wika at panitikan, ay miyembro ng samahan. LIRA rin ang mga kawani ng KWF na sina John Enrico Torralba, Grace Berugo, Krescell Largo Labor, at RR Cagalingan. At, higit sa lahat, marami sa multitrak na guro ng panitikan at malikhaing pagsulat sa iba't ibang kolehiyo at pamantasan ay kasapi rin ng LIRA, gaya nina Romeo P. Baquiran Jr., Louie Jon Sanchez, Salvador Beglar, Mariane A.R.T. Absan, Noel Fortun, Francisco Arias Montesde, Michael Jude C. Tamara, Mic Camba, Roma Estrada, at marami pang iba.

Mahabaga ring berggilit na may mga kasapi ng LIRA na gumagawang rin sa mga larang na di-karanawang isipin na katagay ng panitikan gaya ng medisina at abogasya. Sina Nicolas Pichay, Gerardo Banzon, Maureen Gaddi de la Cruz, at Reparado Galois III ay mga abogado. Mediko sina Jost Tabula at Ralph Forde. Tagapagtagayud ng pansanatapalayan ang mga miyembro ng sina Fr. Ariel Vitor at Pastor Ezzard Gilbang.

Napagay nang ilang araw, noong 4 Disyembre, ginanap sa Conspiracy Bar sa Visayas Ave. Lungsood Quezon ang pagtatapos ng LIRA *filloos* 2018, ang Batch Baga. Sa kasaysayan ng taunang palihan na itinataguyod ng samahan mula noong 1986, isa na sa pinakamatagal ang nagtatapos sa tolong ito - labimpito. Sila sina Cristobal F. Alipio, Agatha Taye J. Buemasalida, Kim Joshua Duño, Nicole Alize Dayrit, May Morales-Delos, Jestoni Benjamin D. Enteroso, Andre Alfonso R. Gutierrez, Genesis Rho Historillo, John Christopher DG. Lubag, Kaye O'Yek, Dhanica Ocumen, R. Olaguera, Will Procloro, Clazizza A. Regalado, Bernadette Requinista Reyes, Renz Rosario, Edgar R. Tamayo Jr., Tresa Siplante Traqueria, Christian Umali, at Melvin Uy. Gayunman, sa kabila ng paging "nagtatapos" sa Palihang LIRA, hindi awtomatiko na magiging miyembro sila ng samahan. Magpupulong pa ang mga nakatatandang kasapi ng organisasyon upang pagpasyahan kung sino sa labimpitong ito ang opisyal na imbitahang maging miyembro.

Pagbati sa kasalukuang pangulo ng LIRA, si Aldrin Pentero, na kinalalang Makata ng Taon sa Talaang Gimbo sa Tula ng KWF noong 2017, sa matagumpay na pangangasiwa ng grupo at sa maluwaluhang pagdaros ng ika-33 anibersaryo nito. Pagbati rin sa kasalukuyang direktor ng palihan na si Louie Jon Sanchez, na tatlong ulit pinarangalang Makata ng Taon ng Talaang Gimbo ng KWF at katatapos na magkamtal ng titulong Doktor ng Pilosopiya sa Literatura sa Pamantasan De La Salle, sa matagumpay na pangangasiwa sa Palihang LIRA.

Higit sa lahat, hindi magiging posible ang lahat ng ito kung hindi sa pagtuturo at inspirasyon ng tagapag-ong-tagapagtagat ng samahan, si Rio Alma o Virgilio S. Almarin na pangunahing hurawan sa disiplina ng pagtala at pagtataguyod ng wika at kulturang Filipino. Gayundin, dapat kilalanin at pasalamatang walang hangga ang mga naging bahagi ng grupo bilang mga tagapayo at/o tagapaguro na tulad nina Alfredo Navarro Salanga (SLN), Pambansang Alagad ng Sining Rolando S. Tinio (SLN), Rogelio Sikat (SLN), Ed Alegre (SLN), Mike L. Bignorina (SLN), Rene O. Villanueva (SLN), Silvano V. Epistola (SLN), Rogelio G. Mangalana (SLN), Lamberto E. Antonio, Teo T. Antonio, Marne L. Kilates, Fidel Rillo, Elyvia Mabangon, Cirilo Bautista, Ophelia Dimalanta, Darilo Francisco M. Reyes, at marami pang iba.

Mabuhay ang LIRA! Pagpupugay para sa marami pang susunod na bagting ng tagumpay! [E]



Kim Chiu, daring sa pelikulang *One Great Love*

NI NONIE V. NICASIO

KAABANG-ABANG ang mapapanood kay Kim Chiu sa pelikulang *One Great Love* dahil maituturing na *first mature role* niya ito sa pelikula.

Ibang Kim ang mapapanood dito ng lahat, lalo na ang mga *intimate scenes* niya sa dalawang *leading men* dito na sina Dennis Trillo at JC de Vera. Dahil nasa tamang edad na naman ang aktres, kaya tumodo na siya sa *kissing scenes* niya rito, na may pinag-uusapang *buffet/saves* pa kasama ng *leading men* niya sa proyektong pinamahalalan ni Direk Eric Quizon.

Ang *One Great Love* ay mula Regal Entertainment at isa sa inaahangang *entry* sa daratnang na MMFF 2018 na magsisimula sa December 25.

Majority ng mga eksena rito ay kinunan sa Tagaytay na nakatulong sa pelikula dahil hindi larag makikita ang ganda ng lugar, mararamdanan din ang lamig ng klima roon sa magagaling na *shots* dito.

Si Kim ay gumaganap dito bilang si Zyra Paez, isang babae na namimwala na ang *love* ang maghubuo at maghahatid sa kanya ng kaligayahan.

Si JC si Carl Mauricio, na siyang *one great love* ni Zyra. Ngunit, dahil sa *terriblest part* ni Carl, madalas niyang nasasaktan nang hindi sinasadya, ang babaeng mahal niya. Si Dennis naman si Ian Arcano, Zyra's *dependable friend*, na *eventually* ay maililab sa kanya.

Dito'y masusungong sina Dennis, JC, at Kim sa isang *love triangle*. Ang buhay ng tatlong taong ito ay magkakaroon ng koneksiyon sa istorya na magpapakita na tulad ng lahat ng nilalang na naghahanap ng pagmamahal, ngunit sa iba't ibang panansaw o pamamaraan.

Aminado si Kim na may mga pasabog na kaabang-abang sa kanilang pelikula.

Sinabi rin niya na itinodo na ang ipinakitang rito na dapat tutukan ng *viewers*.

Ipinahayag ng Kapamilya aktres na matagal na siya sa *movie industry* at ito na raw ang pinakamatinding ginawa niya sa pelikula. *To the point* na talagang lumabas daw siya sa kanyang *comfort zone*.

"Kasi *I really want something new* na puwede kong *offer* sa lahat ng mga taong sumusuporta sa akin mula noon hanggang ngayon," espika niya.

Nabanggit nga ni Direk Eric na kinakabahan daw si Kim sa ilang mga eksena niya rito dahil *first time* pa lang niya sa mga ganitong klase ng *love scene*.

Ngunit tulad ng isang tunay na propesyonal, walang arheng sumabak si Kim sa

intimate scenes na katlangang ipakita sa kanilang pelikula.

Idinagdag pa ni Direk Eric na napapatili raw sa mga eksenang ito si Kim pagkatapos ng kanilang *hike* dahil inaasahan na raw ng aktres ang magiging reaksiyon ng kanyang *fans* sa mga *sharing* na eksenang ginawa niya rito.

Pinuri rin ni Direk Eric ang *main stars* niya ritong sina Dennis, JC, at Kim dahil nag-*level-up* ang mga ito sa kanilang *performance* sa naturang pelikula.

Nagpapasalamat din si Kim dahil na-*appreciate* nila ang komento at *suggestions* niya habang ginagawa ang naturang pelikula.

Sembit niya, "Puwede pala akong pakinggan, kaya ang sarap ng pakiramdam. Mas lalo akong *excited* na mapanood ang *outcome* ng *movie* namin at *excited* din ako sa magiging *feedback* ng *moviegoers*."

Nabanggit pa ng aktres na nagpapasalamat siya dahil dahil *first time* niya pa lang nakatrabaho sina Direk Eric, Dennis, at JC, ay naging maayos ang kanilang trabaho.

Idinagdag pa ng dalaga na bilib siya sa dalawang *leading men* niya sa pelikulang ito dahil sa galang ng mga ito.

"*First time* ko rin *to work with* Dennis Trillo and *I'm very honored to work with him*. Magaling siya, sobrang tabimik lang, pero iba siya kapag umiarte na. Ang husay!"

"Si JC, ngayon ko rin lang nakasama at walang problema, walang aberya ang mga eksena namin. Mahusay din siya," wika pa ni Kim.

Mapapanood na ang *One Great Love* sa Disyembre 25 at kasama rin sa pelikula sina Miles Ocampo, Marlo Mortel, Nino Dolino, at marami pang iba.

Bossing Vic, Maine at Coco,

tampok sa *Jack Em*

Popoy: *The Puliscredibles*

NI MARICRIS VALDEZ-NICASIO

ISA sa inaahangang sa 44th Metro Manila Film Festival ang pelikulang *Jack Em Popoy: The Puliscredibles* na pinagbibidahan ng Bossing ng Comedy na si Vic Sotto, Phenomenal Star Maine Mendoza, at ng Hari ng Primetime TV na si Coco Martin. Ito ang *entry* ng CCM Film Productions, APT Production at ng MZet Productions sa MMFF na mag-uumpisang mapanood ngayong Pasko, sa buong bansa.

Sa *trailer* pa lang, damang-dama na ang *chemistry* ng tatlong bigating bituin na sa unang pagkakataon pa lang magkakasama sa isang pelikula bilang Jack Halimuyak (Coco), Em Fernandez (Maine), at Popoy Fernandez (Vic). Ang tatlong bituin na pawang pulis sa isang *headquarter* ay kinalalang magsama-sama para sa isang misyon na magdadala sa kanila sa isang mahalagang rebelasyon. Ang mga eksenang katatawanan, masigabong aksiyon at madamdaming drama ay siguradong swak na swak sa lahat ng edad lalo na sa panahon ng Kapaskuhan na sama-samang manonood ng pelikula ang pamilyang Filipino.

Ipinahayag ni Vic na binusising mabuti ang kanilang pelikula upang maligayaban nang husto ang *moviegoers*. Ayon sa kanya, noong nag-uusap pa lang sila ni Coco ay hindi nila pinag-usapan ang gagawing *comedy*. Mas importante kasi sa kanila ang istorya ng pelikulang pagkasamahang nila. Ginawa talaga nilang may puso ang pelikulang ito, dahil pampamilya talaga itong panoorin.

Iyong *comedy*, ibabagay mo na lang sa sitwasyon, kasi kapag inuna mo ang *comedy*, masisira ang istorya. Pagdating sa *comedy*, mas pinapaboran ko iyong sitwasyon. Kasi kung nakakalawa ang sitwasyon, hindi mo na kailangang

Si Miss Bibingka...

(Mula sa pahina 23)

nasa *terrace* na sila sa ikalawang palapag ng bahay.

Deon sila itinaboy ng kanyang ina para makapag-

usap.

"Matagal na ngang wala, *three months* na."

"Bakit?"

Nagkibit-balikat si Reimon. "Sa hindi maglik..."

"—O, baka sawa ka na?"

Nagkibit-balikat uli. "Siguro lang, naghahanap ako ng seryosohan na. Lagi kasi 'kong sinasabihan ni fadir na 'wag tumulad sa kanya—pabli. Sakit daw ng ulo, sakit pa ng bilis. Nang mapuno nga sa kanya si madir, ayun, iniwan siya."

"Nasa' n na nga pala siya?"

"Ewan, Nagle-text lang, ayaw ipaalam kung nasa' n siya. Pero malimit naman kaming kumustahin. Siguro, nagpapahabol lang ke fadir. Gusto'y amuin siya, ligawan uli..."

Nagkatinginan sila.

"Naniniwala ka ba sa *second chance*, Angie?"

"O-oo naman..."



magpatawa," saad ni Vic.

Tinayak ni Coco na espesyal at may kakaibang mapapanood sa kanilang pelikula. Para sa kanya, pinakaimportante ang araw ng Pasko kaya gusto niyang gumawa ng pelikula *every Christmas* dahil naalala raw niya noong bata pa siya na nagkasama-sama ang buong pamilya para manood ng sine. Siniguro ng aktor na sulit ang pera ng mga manonood sa kanilang pelikula.

"Nang ginagawa po namin ito, nakailang *meetings* po kami, nakailang *revisions* ng *script* para masigurado po na kakaibang pelikula ang gagawin namin. Na hindi kami mapapahiya sa unang pagkasama ng dalawang pamilya ng East Bulaga at ng Probinsyano, dapat *primal* kami sa ipapalabas namin," nakangiting saad ni Coco.

Ang pelikula ay punong-puno ng mga eksenang *comedy*, *action* at *drama* na lalo pang pinaganda ng pinaghalong mga artista ng magkailang *networks* na pinangumahan nina Tirso Cruz III, Lito Lapid, Ronaldo Valdez, Cherry Pie Picache, Arjo Atayde, Ryza Cenon, Jose Manalo, Wally Bayola, Paolo Ballesteros, Ryza Mae Dizon, Baeby Baste, PJ Enderal, Romwaldo Martin, Mark Lapid, Chai Fonacier, Bassilyo, Smaglae, at marami pang iba.

"Ako rin. Hindi lang sa *second chance*, sa *third*, sa *fourth* at sa kahit ilan pang *chances*..."

"Ba' i mo naman naitanong?"

"Gusto ko, bigyan mo 'ko ng *chance* na ligawan ka uli."

Malamig ang simoy ng hangin at pinigil ni Angie na siya'y kilig.

Hindi sa harap ni Reimon.

Naalala niya noong mag-*break* sila, napaiyak siya sa kanyang silid, pinanghinayangang ang napasimulan nila't pinagsamahang na. Pero ganoon talaga, kawiran niya sa sarili noon, may mga relasyong nagkiklik at mayroon namang hindi: may nagtatagal at may naghihiwalay. Ganoon talaga ang buhay.

"Sigé," sabi niya.

Nakatayo sila sa *terrace*, nakahawak sa barandilyang bakal, habang ninanammang ang malamig na hangin sa kanilang katawan. Maingay na sa pali-paligid; nauuligin ang malululong na tawanan sa kanilang mga kapitbahay.

Sa salas, bigay-todo sa pagkanta ang dalawa niyang pinsan.

"*Give love on Christmas day. What greater gift is there than love...*"